# BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE NOBYEMBRE 2008

"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cams. Norte"

Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com


# C e-C ng lalawigan

## pinalalaki para makapagsilbi sa mas maraming mag-aaral dito



Basahin sa pahina 6

***Ang patuloy na pagdami ng mga kliyenteng mag-aaral sa Community e-Center ng pamahalaang panlalawigan sa pamamatnubay ng Community Affairs Office, ang nagbunsod upang magsagawa ng expansion at renovation dito upang mabigyan sila ng mas mabilis na serbisyo.***



Jesus O. Typoco, Jr.
Governor

# 1st Gov. Typoco RC Airplane Funfly isinagawa

Isinagawa noong November 29-30, 2008, ang 1st *Governor Typoco Cup RC Airplane Competition & Exhibition* sa Daet Airport, Bagasbas, Daet, Camarines Norte sa pamamagitan ng *event organizer* nito na si G. Bong de Lara, sa pakikipag-ugnayan sa *Provincial Tourism Division* na pinamumunuan ni *Provincial Tourism Officer-Designate* Edgardo "Boy" Reyes.

Ito ay nilahukan ng iba't-ibang RC *airplane enthusiasts* mula sa iba't-ibang lugar sa ating bansa na naging bukas para sa lahat nang nais manood nito.

Upang maisulong ang turismo sa ating lalawigan, sinagot ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang mga gastusin ng mga partisipantes kaugnay sa nasabing *event* tulad ng *food accommodation, board and lodging (resort)* at transportasyon. Wala ring bayad sa pagpapatala upang mas maganyak ang mga sasali sa nasabing kompetisyon. Lahat ng uri at laki ng mga eroplano mula sa .15 hanggang sa *Giant, nitro and gasses* at iba pa ay layuning paliparin dito.

Sa unang araw, kung saan ay inaasahang magkakaroon ng maikling *opening ceremonies* sa pamamagitan ng pagbibigay ng *welcome address* ni G. Bong de Lara, na susundan sana ng mensahe ni Gov. Typoco, subali't sa hindi inaasahang pagkakataon

(Sundan sa pahina 9)






***Si Obi Mapua isang RC Airplane enthusiast habang ipinakikilala ang mga kalahok sa 1st Gov. Typoco RC Airplane Funfly na ginanap sa Bagasbas Airport dito sa bayan ng Daet. Ang ilang kalahok sa naturang torneyo habang inihahanda ang kani-kanilang mga eroplano para sa naturang kompetisyon.***

# National Correctional Consciousness Month

## ipinagdiwang dito, mga preso tumanggap ng regalo



Col. R. P. Dominguez (Ret)
Provincial. Warden

Sinuportahan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang selebrasyon dito ng *National Correctional Consciousness Month* simula Oktubre 1-31, 2008 na isinagawa sa pamamagitan ng *Provincial Custodial and Secuirty Services Division (PCSSD)* na pinamumunan ni Col. Ramon P. Dominguez, Sr., *(Ret.)*, hepe ng *PCSSD* at *provincial warden*.

Isa sa mga pangunahing proyekto ng PCSSD kaugnay nito ay ang pamamahagi ng 625 kopya ng babasahin ukol sa mahahalagang aspeto ng *correction* at *rehabilitation* sa mga bokal, panlalawigan at pambansang tanggapan, mayors, vice mayors, mga paaralan, at iba pang kinauukulang tanggapan gayundin sa mga detenido.

Idinaos din nito ang *Correction Consciousness Seminar* at ang *Jail Visitation* kung saan may 2,452 bisita ang nagtungo sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)* simula Oktubre 6-31, 2008. Ilang bisita naman ang namahagi ng munting regalo na umabot sa 575 pakete na naglalaman ng sabong panlaba at pampaligo, sipilyo at *toothpaste*, *noodles*, biskwit at iba pang pagkain, *used clothing*, maliban sa iba pa.

Nagkaroon din ng *mini-sports fest* at *essay writing contest* para sa mga detenido para maibsan ang kanilang pagkabagot sa loob ng *CNPJ*. Nagtagisan sila ng galing sa mga larong *chess*, *table tennis*, *dart*, *scrabble* at iba't-ibang *parlor games*. Lumahok naman ang may 25 detenido sa *singing contest* kung saan naging hurado ang ilang kilalang lokal na mang-aawit sa lalawigan.

Masaya at masigla namang nagkasama-sama ang mga detenido at kanilang mga pamilya

(Sundan sa pahina 9)


nasa loob


EDITORYAL 4

PIKTORYAL 5


Salamat Gob HELP column p 2

# Seminar-workshop sa pagsusulat ng kasaysayang lokal isinagawa




**Prof. Danilo Gerona**
**Manunulat ng Kasaysayan**

Dumalo ang personahe ng *Museum, Archives and Shrine Curation Division-Office of the Governor (MASCD-G.O.)* sa *Seminar-Workshop* sa Pagsusulat ng Kasaysayang Lokal sa Luzon na ginanap noong ika-16 hanggang17 ng Oktubre, 2008 sa *Naga College Auditorium, Melchor Villanueva Hall Naga College Foundation, Naga City*. Ito ay base sa naunang paanyaya sa kanila ng *National Historical Institute (NHI)* na sa pakikipagtulungan sa *National Commission for Culture and the Arts (NCCA)* ay nagsasagawa ng serye ng *Seminar-Workshop* sa Pagsusulat ng Kasaysayang Lokal sa Luzon, Visayas, Mindanao at *National Capitol Region*.

Walang bayad ang pagpapatala sa naturang pagsasanay kung kaya't umabot sa dalawandaang (200) katao ang lumahok na nanggaling pa sa iba't-ibang rehiyon na sakop ng Luzon. Mahuhusay ang mga naging tagapagsalita at tagapagsanay kung kaya't madaling naunawaan at natutunan ng mga dumalo ang wastong pamamaraan at estilo sa pagsusulat ng mga kasaysayang lokal.

Upang maging sistematiko ang daloy ng *workshop*, ang mga kinatawan ng mga ahensiyang dumalo ay pinangkat-pangkat sa pamamagitan ng kani-kanilang rehiyon. Ang Rehiyon V ang may pinakamaraming kalahok sa 2-araw na aktibidad na umabot sa tatlumpong (30) katao.




***Ang grupo ng Bicol Region na dumalo sa Seminar Workshop. Makikita sa larawan sina Andrew L. Necio ng MASCD Cam Norte na nakaupo una mula sa kanan, at si Aida Pandeagua na nakatayo pang-9 mula rin sa kanan.***


Sa pagtatapos ng naturang *seminar-workshop*, iprinesenta ng bawat grupo ang kani-kanilang *output* sa pagsusulat ng lokal na kasaysayan

Namahagi rin ang *NHI* at *NCCA* ng mga aklat patungkol sa mga kasaysayan ng iba't-ibang lugar sa Pilipinas na idinaan sa palabunutan. Ang mga kalahok ay binigyan din nila ng aklat na may titulong *"NAGA"* na sinulat ni Dr. Danilo Gerona ng *Ateneo de Naga, Philippine National Historical Society*. ***AIDA B. PANDEAGUA***

## Salamat Gob HELP column

## Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Nov. | 5 | Nancy Opeda of MTC Daet for the National Assembly of the Philippine Association of Court Employees | P2,000.00 |
| | | Ms. Rosalina Ibadlit of Magallanes Iraya, Daet for fare to fetch her children | 200.00 |
| | 7 | Ms. Maryflor C. Lanzuela of Tigbinan National High School for their Educational Activity | 2,000.00 |
| | 10 | Teresa A. Baldorava of Brgy. Bagumbayan, Paracale for their fiesta activity | 1,000.00 |
| | | Kathleen C. Camus of UP Los Baños and Daet, Camarines Norte in joining the student exchange program at the Michigan State University | 4,800.00 $100) |
| | | Ms. Susana Villaverde of Brgy. Cabatuhan, Labo for a PREX 7th Anniversary | 2,000.00 |
| | | Angelica A. Azur of Brgy. Bagasbas, Daet for her tuition fee at Our Lady of Lourdes College Foundation | 2,500.00 |
| | | Leonida L. Pimentel, Clerk III of RTC Labo for the 1st National General Assembly of the Philippine Association of Court Employees | 2,000.00 |
| | 11 | Violeta E. Castro, HRPTA President of Moreno Integrated School of Daet South District for their construction project | 1,000.00 |
| | | Arlene C. Alegre of the Spirit of Love Catholic Community for the hosting of their 18th Grand Reunion | 5,000.00 |
| | 17 | Princess Joy Burce of Froilan Lopez Technical Vocational High School, San Vicente for joining the competition at the National Level for Myralyn L. Dimen and Mary Charlene C. Armillo | 1,000.00 |
| | | Rom—AM Altabano of Brgy. 4, Daet and "D" VOIZ" for a dance showdown | 500.00 |
| | | Mariano Montuya of Manila Bicol South Road Academy for their 40th Foundation Celebration | 1,500.00 |
| | | Amy Ilustre of COA, Provincial Capitol for the launching of a novel Para kay B (o kung paano dinevastate ng pag-ibig ang 4 out of 5 sa atin) of Mr. Ricky Lee | 20,000.00 |
| | | Nicanor Bigay, Sr. of Quinapaguian Elementary School for the Clean and Green Project of the School and Barangay | 1,000.00 |
| | 19 | Conchita T. Rampas, Chairman of Sr. Citizen of Brgy. Cahabaan, Talisay for their Mass Induction & Christmas Party | 2, 000.00 |
| | | Ma. Teresa Chong, President of ONE 5 of NEDA Regional Office for their Christmas Party | 2,000.00 |
| | | Dr. Benjie Nebres and Mr. Mark Gil Zamudio for a Designer Competition in the Mutya ng Ibalong 2008 | 5,000.00 |
| | | Evelyn V. Dating, Court Stenographer III of Branch 40, Daet for the 1st National General Assembly of the Philippine Association of Court Employees | 2,000.00 |
| | 25 | Edgar T. Arjite Over-all Chairman of the Fiesta Celebration of Brgy. Milagrosa, Jose Panganiban | 2,000.00 |
| | | Shirley B. Aldave of Branch 64, Labo, for the 1st National General Assembly of the Philippine Association of Court Employees | 2,000.00 |
| | | Wera S. Peña, Chairman, Com. on Solicitation for their X'mas Party | 500.00 |
| | | Maridel P. Miralles, SSGO President of San Francisco National High School, Talisay for their project | 1,000.00 |
| | | Bryan Ray G. Campaña, Municipal SK Federation President—Daet and CNSC Volleyball Municipal Team for the Bicol SCUAA Meet | 1,000.00 |
| | | Albert Macalalad of Alpha Mu. Omega for a Basketball Tournament | 1,000.00 |
| | | Mercy Magana of Brgy. San Jose, San Vicente for the on-going project of their chapel | 1,200.00 |
| | | TOTAL | **P72,900.00** |






# Serbisyong medikal, dental ipinagkaloob sa mga PWDs

Tinatayang humigit-kumulang sa may 300 kataong may kapansanan ó *persons with disabilities (PWDs)* mula sa iba't-ibang bayan ng Camarines Norte ang nabigyan ng mga serbisyong medikal at dental ng *Philipppine Charity Sweepstakes Office (PCSO)* sa *Medical and Dental Mission* na isinagawa nito noong Oktubre 14, 2008 sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC).*

Naisakatuparan ang naturang gawain dahil sa inisyatibo ng pangulo ng *Camarines Norte Federation of Persons with Disabilities* na si Jose L. Camacho na nagsumite ng *project proposal* sa *PCSO* upang maisagawa ang naturang *medical and dental mission* ngayong taon. Matatandaan na si Camacho ay ilang taon nang nakikipag-ugnayan sa *PCSO* para mabigyan ng naturang libreng serbisyong pangkalusugan ang kanyang mga kasamahang may kapansanan.

Ang naturang gawain ay itinaguyod din ng mga katuwang na ahensyang pampamahalaan at pribadong institusyon tulad ng Jollibee Daet na nagbigay ng libreng pananghalian para sa 60 katao at ang *PCSO Daet Branch* na nagkaloob ng gamot na nagkakahalaga ng P30,000.00.

Kabilang sa binigyan ng gamot at bitamina ang mga estudyante sa *SPED Center* ng *Daet Elem. School* at *Labo Learning Center* na may iba't-ibang kapansanan. Ito ay sa layuning maging malusog ang kanilang pangangatawan at lumakas ang kanilang resistensya laban sa sakit upang lumaki silang masigla at aktibo.

Sa pamamagitan ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*, pinasalamatan ng pamahalaang panlalawigan ang *PCSO* gayundin ang mga doktor at dentista na nagbigay ng libreng serbisyo sa mga kababayan nating maykapansanan o *PWDs*. ***APC -PSWD/LT IBASCO***

# Dengue control prevention and elimination program

Patuloy na isinusulong ng administrasyon ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang mga programa at proyekto para matiyak ang kalusugan ng mga mamamayan ng lalawigan ng Camarines Norte na isinasagawa nito sa pamamagitan ng *Provincial Health Office (PHO)* na pinamumunuan ni Dr. Arnulfo G. Salagoste, *provincial health officer*.

Kaugnay nito, ipinatutupad ng *PHO Technical Division* ang 1-taong *Dengue Control Prevention and Elimination Program (Mosquito-Borne Disease Program)* sa layuning maibaba sa 50% ang kaso ng insidente ng pagkamatay sa lalawigan dahil sa sakit na dengue.

Dinagdagan din ng *PHO Technical Division* ang bilang ng paaralan na pinupuntahan nito para magbigay ng impormasyon sa mga mag-aaral patungkol sa *dengue control, prevention* at *elimination program* nito.

Isinasagawa rin nito ang pag-organisa at pag-reactivate sa *Municipal, Barangay* at *School Dengue Task Forces* sa iba't-ibang bayan ng lalawigan. Pinaiigting din nito ang *hospital* at *community-based surveilance system* para matukoy ang lahat na pinaghihinalaang *infected* ng *dengue*.

Samantala, ang mga istratehiya na isinasagawa nito para labanan ang pagkalat ng dengue ay kinabibilangan ng mga sumusunod: 1) ang pagsasagawa ng 4 *o' clock habits* o ang paghahanap at pagsira sa lugar/bagay na pinamumugaran ng mga lamok; 2) pagbuo at pagpasigla sa mga Dengue Task Forces, 3) agarang pagtukoy at early referrals, 4) hindi pagpapausok *(no fogging)*, at; 5) pagpapaigting ng *information and education campaign (IEC)*.

Ipinaaabot ng *PHO* sa mga mamamayan na ang paglilinis ng paligid ang pinakamabisang paraan para maiwasan at mapigilan ang pagdami ng lamok na nagtataglay ng sakit na dengue. Hindi nito ipinapayo ang pagpapausok sapagkat ang namamatay lamang dito ay ang mga tinamaan ng usok. Ang mga nakaligtas naman ay makalilipad sa layong hanggang 300 metro na dahilan para mas kumalat ang dengue sa ibang lugar. ***LT IBASCO***

# Humigit-kumulang 53,000 kabataang Tsino nagkasakit dahil sa gatas

***SCOTT McDONALD, Associated Press Writer.*** BEIJING – Ang bilang ng mga kabataan sa Tsina na nagkasakit dahil sa mga dairy products na nagtataglay ng ipinagbabawal na kemikal na pang-industriyal na ***melamine*** ay umabot na sa humigit-kumulang 53,000, ayon sa pahayag ng pamahalaan noong Linggo sa pangako nitong papanagutin ang lahat na responsable sa isa sa pinakamalalang ***food safety scandals*** sa China sa mga nakalipas na taon.

Mahigit sa 80 porsyento ng may 12,892 kabataan na may edad 2 taon o mas bata pa ang naospital sa mga nakalipas na linggo, na sinabi ng Health Ministry sa opisyal na pahayag nito, na inilathala sa ***website*** nito noong Linggo. Apat na kabataan na ang namatay at 104 sa mga kabataang naospital ay nasa seryoso ó malalang kundisyon.

Ang karagdagang 39,965 kabataan ay binigyan ng ***out-patient***

*(Sundan sa pahina 4)*

# Mga 'first time' na pangyayari sa provincial jail inihayag

Kaugnay ng katatapos pa lamang na pagdiriwang ng *National Correction Consciousness Month* noong Oktubre 2008 na isinagawa ng *Provincial* Custodial and *Security Services Division – Governor's Office* (PCSSD-G.O.) sa pangunguna ni *Provincial Warden Col. Ramon P. Dominguez (Ret.)* upang bigyang-pansin at pagpapahalaga bilang tao ang mga detenido nating kababayan na kasalukuyang nasa loob ng piitan, kanyang ilinahad ang kanyang mga pangunahing proyekto na matagumpay naman niyang naisakatuparan.

Sa loob lamang ng ilang buwan o wala pang isang taong panunungkulan ni Col. Dominguez at sa suporta ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr., naipagawa niya ang pagsasaayos ng panlalawigang piitan. Naipagpatuloy din niya ang *Anti-Illiteracy Program, Anti-Poverty Program, Peace and Order, Health and Spiritual Development and Human Resource Development Program.*

Subali't ang masasabing mga *first time* na naisagawang proyekto ng masipag na Warden, ay ang mga sumusunod: 1) Paglalagay nang *surveillance camera* para sa seguridad ng lahat; 2) Sama-samang pagbisita sa *Provincial Jail* ng mga *presiding judges* ng husgado, mga prosecutors, mga abogado sa *Public Attorney's Office* (PAO), *Integrated Bar of the Philippines (IBP)*, at kasama pa ang kani-kanilang *staff;* 3) Pagbisita ng mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan sa pangunguna ng Bise Gobernador Roy A. Padilla, Jr.; 4) Pagpintura sa mga selda ng iba't-ibang kulay na ayon sa kategorya ng mga detenido; 5; Bukod na selda para sa mga kababaihan, mga bata at matatanda; 6; Paglalagay ng display at pagbebenta ng mga ginawang produkto ng mga detenido noong Bantayog Festival, ganundin sa *lobby* ng *Provincial Capitol*, at sa *Central Plaza Mall*, kung saan pinagkakitaan ito ng mga bilanggo; 7) Pagkakaroon ng *Marksmanship Training* ng mga kawani ng *PCSSD;* 8) Pamamahagi ng 625 kopya ng babasahin ukol sa mahalagang aspeto ng *correction* at *rehabilitation* sa mga bokal, panlalawigan at pambansang tanggapan, ganundin sa mga detenido; 9) Pagkaka-*decongest* ng kulungan sa pamamagitan ng pagkakapalabas ng maraming preso na dulot ng agarang pakikipag-ugnayan sa mga kinauukulang ahensya ng pamahalaan tulad ng *PAO, Prosecution Office* at mga hukuman. Sa ngayon, simula sa 482 nakakulong, mayroon na lamang na 354 na nakakulong sa nasabing panlalawigan piitan; 10) Maayos na *records-keeping* sa pamamagitan ng pagpapa-*bookbind* ng lahat ng mga permanenteng mga papeles sa *Provincial Jail*.

Nagkaroon ng 2,452 bisita ang *Provincial Jail* kung saan marami sa kanila ang nakapagbigay ng mumunting regalo para sa mga bilanggo. Sila ay nagkaroon ng dagdag-kaalaman, lalong higit ang mga bisitang estudyante, tungkol sa kung ano talaga ang mga ginagawa at mga patakaran sa loob ng kulungan. Noon nila lubos na naunawaan ang katayuan ng mga bilanggo, at ang mga kadahilanan kung bakit sila naku-

*(Sundan sa pahina 9)*

# EDITORYAL

## Prison Deterrence Education Program

Kapuri-puri ang kalulunsad pa lamang na *Prison Deterrence Education Program* (PDEdP) na idinisenyo ni Ret. Col. Ramon P. Dominguez, *Provincial Warden* ng *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)* sa layuning maiiwas ang mga mamamayan, lalong higit ang mga kabataan, sa paggawa ng maling desisyon sa buhay na maaaring magdulot ng pagkakakulong. Ito ay kanilang isinasagawa sa pamamagitan ng kanilang *Life Decision Program* na may partisipasyon ang mga pamahalaang lokal hanggang sa barangay, mga *non-government organizations (NGOs*), at mga *judicial authorities*.

Ipinatutupad ito sa pakikipagtulungan sa mga paaralan na nagsasagawa ng mga serye ng *symposium* sa mga hayskul at kolehiyo sa lalawigan. Tagapagsalita rito ang mga kabataang nakulong na para maibahagi nila ang kanilang karanasan at makapagbigay-payo sa mga mag-aaral tungkol sa mga negatibong epekto ng mga maling desisyon sa buhay na nagawa tulad ng paggamit ng droga, pagtutulak nito, paginom ng alak, paggawa ng iba pang krimen, at pagsali sa mga *gangs* kung walang *fraternities* para diumano'y maproteksyonan, subali't kadalasan ay hindi naman nangyayari bagkus, nasasadlak sila sa paggawa ng krimen tungo sa pagkakakulong. Sa huli, ay ang pagsisisi sa kanilang kinasapitan.

Dito'y ipinaalaala ni Warden Dominguez na sa paggawa ng sariling desisyon, tayo ang uugit ng ating kapalaran – hindi ang ating mga magulang, hindi ang mga guro, hindi ang mga kaibigan ó sinupaman, kung hindi tayong may katawan. Dapat lamang na matuto tayo sa pagkakamali ng iba at huwag nang hayaang may magawa munang kamalian upang matuto pa, kung kailan, maaaring huli na.

# Humigit-kumulang...

(Mula sa pahina 3)

***treatment*** sa mga ospital at itinuturing na "***basically recovered***," ang sinabi pa ng ministriya nito.

Ipinahayag ng Health Ministry na karamihan sa mga naospital ay nagkasakit dahil sa ***powdered milk*** at ***baby formula***. Sinabi nito na karamihan sa mga kabataan ay gumamit ng ***baby formula*** mula sa isang kumpanya - ang Shijiazhuang Sanlu Group Co. Ang pagawaan ng mga produktong gatas (dairy) ay sentro ngayon ng eskandalo.

"Ang mga naospital na kabataan ay pangunahing gumagamit ng ***Sanlu brand infant milk powder***. Walang kaso na naiugnay mula sa mga likidong gatas (liquid milk)," ayon pa rin sa pahayag ng ministriya.

Naiulat din ng ***Chinese territory*** ng Hong Kong ang isang insidente ng pagkakasakit sa labas ng ***mainland China*** kung saan, isang 3-taong gulang na batang babae ang nagkaroon ng ***kidney stones*** matapos makainom ng ***Chinese dairy products***. Siya ay nakalabas na sa pagamutan, pahayag pa ng ***Hong Kong government***.

Sinabi ng pamahalaan ng Singapore na nakakita rin ito ng traces ng ***melamine*** sa isa pang dairy product na gawa sa Tsina, ang ***milk-based White Rabbit brand candy***.

"Ang mga retailers at importers ay inatasan nang bawiin ang mga naturang produkto at huwag nang ibenta pa," ang opisyal na pahayag ng Agri-Food and Veterinary Authority ng Singapore.

Dalawang linggo matapos unang tanggapin ng pamahalaan ang insidente ng kontaminasyon, nag-isyu ito ng pagbawi sa *dairy products* ng 22 kumpanya na pawang nagtataglay ng ***melamine*** base sa resulta ng mga pagsusuri (tests).

Ang ***melamine*** ay ginagamit sa paggawa ng mga plastic, at may mataas na nitrogen, na rumerehistro bilang protina sa mga pagsusuri sa gatas. Samantalang naniniwala ang mga ***health experts*** na ang maliit na pagkunsumo nito ay hindi mapanganib., subali't ang ***melamine*** ay maaaring maging sanhi ng ***kidney stones*** na maaaring humantong sa ***kidney failure***. Ang mga sanggol ang partikular na madaling tamaan nito.

Ilan sa mga magsasaka na nagbebenta ng gatas sa mga ***Chinese food companies*** ang pinaghinalaang gumamit ng ***melamine*** na kunwari ay ***watered-down milk*** para lumaki ang kanilang kita dahil sa mataas na presyo ng mga pagkain, ***fuel*** at ***labor costs***.

Sa Hong Kong, sinabi ng mga magulang ng 3-taong gulang na batang babae na pinatsek-apan nila ang bata dahil sa, nang makalipas na 15 buwan ay araw-araw itong umiinom ng gatas na gawa ng *Chinese Dairy Yili Industrial Group Co.*. Ang *Yili ay* kabilang sa 22 kumpanya na ang produkto ay pinabawi dahil kontaminado ng ***melamine***.

Ipinahayag naman ng Yili na babayaran nito ang nagastos sa pagpapagamot sa bata kapag napatunayan na ang karamdaman nito ay sanhi ng kontaminadong gatas ng kanilang kumpanya.

Hindi naman sinabi ng ***ministry*** kung bakit ang bilang ng kaso ay biglang nadoble mula sa bilang na 6,200 lamang, ngunit inihayag nito na ang mga health officials ay tumingin sa mga rekord ng mga ospital mula Mayo hanggang Agosto para malaman ang pinagmulan ng kontaminasyon. Ang pagkamatay ng 3 sanggol ay iniuugnay sa kontaminadong ***infant formula*** na nangyari sa mga naturang buwan.

Inilunsad naman ng pamahalaang Tsina ang ***high-profile efforts*** nito upang ipakita na kontrolado nito ang sitwasyon nang lumabas si *Premier* Wen Jiabao sa opisyal na telebisyon ng Tsina noong Linggo para sabihan ang mga ***dairy companies*** na magpakita ng mas mataas na antas ng "***social responsibility***".

Nakita rin si Wen na bumisita sa isang ospital sa Beijing kung saan ang mga kabataan ay sumasailalim sa ***health check-ups***. Nagtungo rin ito sa isang supermarket at tiningnan ang mga *dairy products*.

"Mas paiigtingin ng pamahalaan ang mga pagkilos tungo sa ***food security***, at kinikilala nito ang insidente bilang isang babala," sabi ni Wen.

"Sinisikap namang tiyakin na ang naturang insidente ay hindi na muling mangyari sa hinaharap sa pamamagitan ng pagpaparusa sa mga responsableng lider gayundin ang mga negosyante. Wala alinman sa mga naturang kumpanya na may kakulangan sa ***professional ethics*** o ***social morals*** ang paliligtasin," pahayag pa ni Wen ayon sa opisyal ng *Xinhua News Agency*.

Simula nang ang problema sa kontaminadong mga produktong gatas ay maisapubliko, ang krisis ay kumalat halos sa lahat na pinakamalalaking *dairy companies* sa Tsina. Ang kanilang produkto ay inalis sa mga tindahan sa buong bansa, at iba pang lugar katulad ng *self-governing Chinese territories* ng Hong Kong at Macau. Itinigil na rin ng *Starbuck's* ang pagaalok ng gatas sa may 300 sangay nito sa Tsina.

Kamakailan, sinabi naman ng 2 panguna-hing *supermarket chains* sa *Hong Kong* na inaalis na nila ang *milk powder* na gawa ng *Swiss manufacturer Nestle* na gawang tsina matapos maiulat na nagtataglay rin ito ng ***melamine***.

Ang mga tagapagsalita ng 2 nabanggit na kumpanya ay maingat ang pagkilos matapos na maiulat ng *Apple Daily* ng *Hong Kong* na ang pagsusuri na ipinagawa nito ay nagpakita na ang *Nestle milk powder* na gawa sa *Heilongjiang province, northeastern China*, ay nagtataglay rin ng ***melamine***. *(Isina-Tagalog ni Lorena T. Ibasco)*

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/ design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports – Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; PCSSDD-Caneth A. Idioma; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism-Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Mga piling larawan
















*1) Inihahanda ng mga taga Fisheries Division ng Office of the Provincial Agriculturist na sina Danny Guevarra at Levi Magana ang mga Tilapia fingerlings na pakakawalan sa Daet River sa hiling ni Gob. Jesus Typoco, Jr. kaugnay ng selebrasyon dito ng Fisheries Week. Katuwang nila dito sina Dr. Napoleon Malaluan at Edgardo Reyes-Provincial Tourism Officer-Designate, mga kinatawan ni Gob. Typoco; 2) Tinatanggap ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang plaque of appreciation mula kay Atty. John Rio A. Bautista bilang pasasalamat sa pagsuporta nito sa programa ng Philippine Overseas Employment Administration (POEA) sa pagsugpo sa illegal recruitment dito sa Camarines Norte; 3) Si Gob. Jesus Typoco, Jr., kasama si Obi Mapua, Team Leader ng mga RC Airplane competitors sa isang salusalo na ginanap sa Governor's Guest House sa Bagasbas, Daet kaugnay ng 1st Gov. Typoco RC Airplane Funfly; 4) Ang modelo ng RC Airplane na isa sa mga pang-akit sa mga turista upang dito maglaro nito sa lalawigan ng Camarines Norte; 5) Iprinisinta ni Provincial Agricultural Fisheries Council (PAFC) Chairman Benjamin Dimaano sa mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan ang kanyang tropeyo, dummy check at plake ng pagkilala na iginawad sa kanya at sa PAFC Camarines Norte bilang national awardee sa isinagawang 2008 Gawad Saka Search for Outstanding Achievers in Agriculture and Fisheries. Kasama niya sa larawan sina PA Rodolfo Salamero, Dr. Helen Abordo at Melinda Jerez ng OPAg, SP Secretary Reby J. Cuaño at ang mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan na sina Ligaya Pedron, Tess Malubay, Jonah Pimentel, Romeo Marmol, Buding Segundo at Ruth Herrera.*



**Dr. Victoria R. Guanio**
*RHP/Chief, Technical Division*
*Provincial Health Office*

# Mothers' Congress isinagawa sa selebrasyon ng Children's Month

Kinikilala ng estado ang pamilya bilang pangunahing salik ng pamayanan at ang mahalagang papel na ginagampanan nito, lalo na ang mga ina, sa paghubog ng mga huwarang kabataan na siyang susunod na lider ng bansa.

Susog dito, isinagawa ang *Mothers' Congress* noong Oktubre 20 at 21 sa Brgy. Hall ng Barangay III, at; sa *Rural Health Unit (RHU)*, Brgy. San Roque, sa bayan ng Mercedes, ayon sa pagkakasunod. Tinatayang humigit-kumulang sa may tig-50 nagdadalantaong ina ang dumalo rito na una nang inanyayahan ng kani-kanilang punong barangay.

Ito ay pinunduhan sa ilalim ng *2008 Sixth Country Programme for Children-United Nations Children's Fund (CPC 6-UNICEF) Trust Fund* na bahagi pa rin sa selebrasyon dito ng *Children's Month* simula Oktubre 1-31, 2008 na itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Health Office (PHO)* at *Provincial Planning and Development Office (PPDO).*

Pangunahing layunin ng naturang kongreso na ang mga ina lalo na ang mga nagdadalantao pa lamang ay mabigyan ng oryentasyon tungkol sa mga mahahalagang isyu ukol sa *Convention on the Rights of the Child (CRC).*

Nilalayon din nito na magkaroon ng malalim na kamalayan ang mga ina ukol sa responsibilidad sa kanilang mga anak at maging aktibo silang katuwang sa pagpapatupad ng mga programang makabata at sa paghubog ng isang pamayanang makabata.

Pinangasiwaan ng *Health and Nutrition Sector* ng *CPC 6 Provincial Technical Working Group* ang naturang kongreso kung saan tinalakay ang tamang pangangalaga at wastong nutrisyon bago, habang at pagkatapos magdalantao; tamang pagpapasuso at pagpapakain gayundin ang kahalagahan ng pagpapabakuna ng mga sanggol at kabataan para matiyak ang kanilang malusog at aktibong paglaki.

Ang mga paksa at mga *PHO at RHU staff* na naging tagapagtalakay rito ay ang mga sumusunod: *Infant and Young Child Feeding (IYCF)* - Mercedes Juan, *Nutritionist Dietician II; Risk of Pregnancy* – Dr. Victoria Guanio, *Rural Health Physician; Expanded Program on Immunization* – Luz A. Clacio, *RM, RN, MAN, Public Health Nurse* (Mercedes), at; *Breastfeeding* – Marino Abogado, *RN, MAN, Health Education and Promotion Officer II* (HEPO II). -- ***LORENA T. IBASCO***

# Brgy. Kabuluan, Sta. Elena nagpasalamat sa suporta ni Gov. Typoco

Ipinaabot ng Sangguniang Barangay ng Kabuluan, Sta. Elena sa pangunguna ni Brgy. Captain Edgardo N. de Guzman ang kanilang taus-pusong pasasalamat kay Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. sa walang sawang pagsuporta nito sa kanilang mga proyekto.

Ito ay sa pamamagitan ng isang Resolusyon Blg. 45 s. 2008 na iniakda ni Brgy. Kagawad Erwin S. Noble na pinangalawahan naman ni Brgy. Kagawad Edilberto A. Dollete.noong ika-29 ng Nobyembre, 2008.

Kung saan ang Brgy. Kabuluan aniya ay isang lumalaki at progresibong barangay at ang mga adhikain ng barangay ay unti-unting natutupad at nakikita sa barangay. Kung saan ang mga proyektong ito para sa pag-unlad ng barangay ay tunay na nakakatulong sa mga namamarangay. Kung saan patuloy na sinusuportahan ng butihing gobernador ang mga *infrastructure projects* katulad ng *Water System (BAWASA), Waiting Shed, Concreting of Barangay Road* lalo na iyong mga nasa kritikal na lugar at iba pa. ***/Angel SDG***

# CeC ng lalawigan pinalalaki

Mula nang buksan noong December 2005 ang *Community e-Center (CeC)*, isang *computer shop* sa ilalim ng pamamahala ng *Governor's Office-Commmunity Affairs Office (CAO) dito sa Camarines Norte*, ay mahigit sa 3,145 mag-aaral at iba pang sektor ang naserbisyohan na nito. Nagsimula sa apat (4) na *computer units* kung saan ay tatlo (3) ang ibinigay ng *National Computer Center* (NCC), samantalang ang isa (1) naman ay counterpart ng *provincial government* sa pamamagitan ng CAO, ngayon ay mayroon nang labing-anim (16) na *units* na nagagamit ang mga mag-aaral para sa kanilang pag-aaral sa tamang halaga. Sa nasabing mga karagdagang *computer units*, dalawa (2) rito ang binili sa *Department of Budget and Management* (DBM) sa halagang P15,200.00 bawa't isa, samantalang ang sampu (10) pang *computer sets* ay bunga ng *resourcefulness* at *initiative* ng masipag na naging tagapamahala nito na si Engr. Wilson V. Porcincula. Sa ngayon ay patuloy na dumarami ang nagiging parukyano ng nasabing *computer shop* na naging isang masasabing modelo lalo pa at ito ay sumusunod sa mga patakaran ng *Provincial Ordinance No. 10-2008, as amended* na ipinasa nina Bokal Pamela Pardo-Pujalte, Michael Canlas, Lino Regala at Jonah Pimentel. At dahil sa mahusay na serbisyo ng *technical staff* at ng mga *computers* na laging nasa kondisyon sa pag-aalaga ni Engr. Porcincula, inaasahang mas dadami pa ang mga *computer units* dito.

Upang higit na mapalawak ang nabibigyan ng serbisyo dito, ay isinagawa ang *expansion project* sa inisyatibo ng kasalukuyang pansamantalang tagapamahala ng CeC na si Mrs. Lorena T. Ibasco, *Administrative Officer V* ng Community Affairs Office katuwang si Engr. Porcincula, *Computer Programmer II*, sa pamamatnubay ni Mrs. Purita P. Briñas, *Community Affairs Officer IV at* sa suporta ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr.*/Angel SDG*



***Ang Camarines Norte Community e-Center (CeC) na kasalukuyang sumasailalim sa isang renovation na isinasagawa ng Provincial Engineers Office (PEO) upang mabigyang-lugar ang patuloy na dumaraming nangangailangan dito.***

# Anti-Illegal Recruitment Seminar isinagawa rito

## Mga LCEs nakipagkasundo para sa IR-free LGUs

Maraming mga kababayan natin ang nabiktima at patuloy na nabibiktima ng mga *illegal recruiters* na nagbibigay ng mga maling pangako sa mga nais makapagtrabaho sa ibang bansa kung saan karaniwang ginagamit ang kamag-anak ng mga biktima para kumbinsihin sila na magbayad ng malaking halaga kapalit ng pangakong maayos na trabaho at malaking suweldo sa ibayong-dagat.

Upang maiwasan at matigil ang ganitong sitwasyon, isinusulong ng *Philippine Overseas Employment Administration (POEA)* ang mas pinaigting na *Anti-Illegal Recruitment Campaign* sa pamamagitan ng pagsasagawa ng *Anti-Illegal Recruitment Seminar* sa buong bansa kasama na ang Camarines Norte.

Ang naturang *seminar* ay isinagawa rito noong Nobyembre 11-12, 2008 sa *Villa Mila Garden Resort*, Vinzons *Avenue*, Daet, Camarines Norte. Itinaguyod ito ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Employment Service Office (PESO)* na nasasakupan ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)*.

Ito ay bahagi ng pambansang serye ng mga pamamaraan at pagkilos ng *POEA* para labanan ang patuloy na paglaganap ng *illegal recruitment* sa iba't-ibang panig ng bansa.

Una rito, inanyayahan ni Nida N. Tosoc, *Statistician III* ng *PPDO* at *Provincial PESO Manager* ang mga kinauukulang opisyal ng mga panlalawigan at pambansang ahensya ng pamahalaan, pribadong tanggapan gayundin ang mga opisyal at miyembro ng *print/TV/ broadcast media* na makilahok sa *Illegal Recruitment-Free LGU Program* ng *POEA*. Layunin nito na mapatatag at mapalawak ang *local network of agencies* at *stakeholders* para tulung-tulong na kumilos para matigil ang *illegal recruitment* sa *local level*.

Ang unang araw na gawain ay tinampukan ng paglagda sa isang *memorandum of understanding (MOU) on Illegal Recruitment-Free LGUs Campaign* sa pagitan ng mga opisyal ng *POEA* at mga pamahalaang lokal sa Camarines Norte sa pangunguna ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr..

Kasasabay nito, ang *Seminar on Anti-Illegal Recruitment (AIR) Campaign* ay pinangasiwaan ng mga opisyal ng *POEA Operations and Surveillance Division (POEA OSD)* na sina *Atty.* John Rio A. Bautista, *OSD head*; Rex O. Marcos, *Attorney III*, at; Edilberto V. Aloc, *Attorney II*. Tinalakay rito ang mga sumusunod na paksa: *Understanding the Overseas Employment (OE) Program, Overview of the AIR Campaign, Role of PESOs/Academe/Law Enforcers in the OE Program; Applicable Laws on Illegal Recruitment (Republic Act No. 8042); Trafficking in Persons (Republic Act 9208); Modus Operandi of Illegal Recruiters* (10 Kautusan para Makaiwas sa *Illegal Recruitment* at "Sino ang Isang *Illegal Recruiter?*"). Tinampukan din ito ng *open forum* kung saan ang mga mahahalagang isyu at usapin na hindi gaanong natalakay ay mas nabigyang-linaw.

Sentro naman ng ikalawang araw na aktibidad ang *Capability Enhancement Training on Overseas Employment Program* na tinalakay nina Maria Teresa D. Delos Santos, *senior labor employment officer, Workers Education Division-POEA*, at; Rex O. Marcos. Ito ay para lamang sa mga *PESO officers* sa 12 bayan ng lalawigan kabilang na si *Provincial PESO Manager* Tosoc.

Ang ibang paksang tinalakay rito ay ang: *Pre-Employment Orientation Seminar (PEOS)-A Preventive Approach; Motivations, Challenges and Risks of Working Abroad; Legal Modes of Recruitment, Overseas Job Opportunities/Labor market Trends; Standard Employment Contract for OE Code of Discipline,* at; *Effective Implementation of the PEOS*. Isinagawa rin ang *workshop* ukol dito kasama na ang *presentation* at *critiquing* nito gayundin ang *action planning*. Tinampukan din ito ng *video showings* na, "Ikaw, Handa Ka Na Ba?" at "Paano ba ang Mangarap?" na isinagawa sa una at ikalawang araw, ayon sa pagkakasunod.

**LT IBASCO**





***Ang Anti-Illegal Recruitment seminar na isinagawa ng pamunuan ng Philippine Overseas Employment Administration—Operations and Surveillance Division na dinaluhan ng mga kawani ng pamahalaan at kapulisan mula sa ibat-ibang bayan dito sa lalawigan ng Camarines Norte.***

# List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| Admin Aide 1(Utility Worker) | 8084 | 1 | | 1 | Provincial Health Office | Must be able to read and write | None Required | None required | None required | |
| Admin Aide 1(Utility Worker) | 9035 | 1 | | 1 | PROVET | Must be able to read and write | None required | None required | None required | |
| (**55- CASUALS**) | | | | | | | | | | |
| 1-Util.Foreman | | 6 | | 1 | PGCN | Elem. School Grad. | None required | None required | None required | |
| 1-Photographer 1 | | 5 | | 1 | PGCN | High School Grad. | None required | None required | None required | |
| 9- Utility Worker 11 | | 3 | | 1 | PGCN | Must be able to read and write | None required | None required | None required | |
| 7-Utility Worker 1 | | 1 | | 1 | PGCN | -do- | None required | None required | None required | |
| 7- Driver 1 | | 3 | | 1 | PGCN | Elem. School Grad | None required | None required | Driver License | |
| 5- Clerk 1 | | 3 | | 1 | PGCN | Completion of two yrs. Studies in college | None required | None required | C.S Sub professional | |
| 5 -Messenger | | 2 | | 1 | PGCN | Elem. School Grad | None required | None required | None required | |
| 1 -Tourism Operation Asst. | | 7 | | 1 | PGCN | Completion of two yrs. Studies in college | None required | None required | C.S Sub professional | |
| 1- Data Controller | | 6 | | 1 | PGCN | Completion of two yrs, studies in college or high school Grad w/ relevant vocational/trade course. | None required | None required | Data Encoder | |
| 14– Secty. Guard 1 | | 3 | | 1 | PGCN | High School Grad. | None required | None required | Sec. Guard License | |
| 1– Ticket Checker | | 3 | | 1 | PGCN | High School Grad | None required | None required | None required | |
| 1- Comp. Oper. 1 | | 7 | | 1 | PGCN | Completion of two yrs, studies in college or high school Grad w/ relevant vocational/trade course. | None required | None required | C.S. Sub professional | |
| 2– Nursing Attendant 1 | | 4 | | 1 | PGCN | High School Grad | None required | None required | None required | |

***SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV***





# Manwal para sa bilanggo inilimbag

Isang manwal para sa bilanggo na pinamagatang "Pagkapiit at Paglaya" na iniakda ni Kgg. Arniel A. Dating, Tagapamahalang Hukom sa Regional Trial Court, Branch 41 ang inilathala kamakailan. Layunin nito na maipaalam ang proseso ng hukuman sa pagdinig sa mga kaso *criminal* at upang ipaalam ang mga karapatan ng isang bilanggo. Gayundin, ito ay inilimbag upang magbigay-liwanag at pag-asa sa mga bilanggo, sa mga nakapiyansa, sa kanilang mga kaanak at mga kaibigan na nananalig sa pantay-pantay na pagpapatupad ng hustisya.

Inaasahan din na mabibigyan ng sipi ang bawat bilanggo upang maging gabay habang nakakulong at dinidinig ang kaso sa hukuman.

Nagpakita naman ng suporta ang ilang matataas na opisyal ng hukuman sa paglimbag ng manwal na ito. Bahagi ng manwal na ito, ang pagbibigay nina Hon. Jose P. Perez, tagapamahala ng hukuman, Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas; Hon. Bonifacio T. Barandon, Jr., *IBP Governor for Bicolandia* (20072008); Atty. Nestor D. Buque, Jr., *President, IBP-Camarines Norte Chapter* at Atty. Nilo V. Boado ng *PAO,* ng kani-kanilang mga pahayag ukol sa manwal na pawang pumupuri sa kasipagan at talino ni Hukom Dating upang maisakatuparan ang matagal nang hangarin ng IBP na makapaglathala ng ganitong uri ng manwal.




Ito ay isinulat sa wikang Filipino upang malaman ng mga nasasakdal at bilanggo ang kanilang mga karapatan at higit itong maunawaan lalung-lalo na yaong mga hindi nakauunawa ng wikang ingles.

Narito ang buod o pamagat ng mga tinalakay sa manwal: Mga dapat malaman sa proseso ng hukuman kaugnay ng kasong kriminal; Paghuli o pagdakip (*Arrest*) ng may mandamiento de aresto o *warrant of arrest*; Pagdakip ng walang mandamiento de aresto (Warrantless arrest); Piyansa(*bail*); Pagbasa ng sakdal o habla laban sa akusado at pagtanong kung inaamin niya ito o hindi (*arraignment*); Pag-uusap bago simulan ang aktuwal na paglilitis (*pre-trial conference*); Paglilitis (trial); pansamantalang pagwawalambisa ng kaso (*Provisional Dismissal*); Hatol(*decision*); Pagpapahayag ng hatol (*promulgation*); Apela sa hatol ng hukuman (*Appeal*); Probesyonal na paglaya (*probation*); Paglabag sa kasunduan ng probasyon; Sino ang mga hindi mapagbibigyan para sa probasyon; at tagal ng panahon ng probasyon.— ***Angel SDG***

## *ABK 2 Initiative*

# Pag-aaral ng Bata para sa Kinabukasan II

**Take Every Action for Children Now! Ang proyekto ay pinunduhan ng United States Department of Labor sa ilalim ng Cooperative Agreement No. IL-16570-07-75-K**

Ang programang Pag-**A**aral ng **B**ata para sa **K**inabukasan *(ABK) Initiative* na ipinatutupad sa iba't-ibang panig ng Pilipinas ay pinupunduhan ng *United States Department of Labor* sa ilalim ng *Cooperative Agreement No. IL-16570-0775-K.*

Layunin nito na makatulong sa pagpapababa sa bilang ng mga kabataang may edad na mababa sa 18 taon na nasasadlak sa *worst forms of child labor* tulad ng *mining* at *quarrying, domestic labor, pyrotechnics production, commercial sexual exploitation, deep-sea fishing,* at pagtatrabaho sa plantasyon ng tubo *(sugarcane plantation).*

Matatandaan na ang implementasyon ng *ABK Initiative 1* dito sa Camarines Norte ay sinimulan noong taong 2005 at nagtapos noong (buwan?) 2008. Ang mga kabatang benepisaryo nito ay mula sa mga barangay ng Sta. Rosa Sur, Luklukan Norte, Luklukan Sur at Sta. Elena sa bayan ng Jose Panganiban, at Brgy. Dalas sa bayan ng Labo.

Umabot naman sa 3,106 *child laborers/ children-at-risk (CLs/CARs)* ang direkta nitong nabigyan nito ng tulong pang-edukasyon at *access to formal and non-formal education programs*: SY 2005-2006 – 598; SY 2006-2007 - 1,427, at; SY 2006-200 - 1,081 o kabuuang 3,106 *CLs/CARs.*

Kasunod nito, ang implementasyon ng ABK 2 *Initiative* sa *National Level* ay pangangasiwaan ng *Christian Children's Fund (CCF), Educational Research and Development Assistance Foundation, Inc. (ERDA),* at; *World Vision Development Foundation, Inc. (WVDFI).*

Dito sa lalawigan ng Camarines Norte, ipatutupad ito sa mga bayan ng Basud, at bayan ng Capalonga na pangangasiwaan ng *ERDA.* Ang implementasyon naman nito sa mga bayan ng Labo at Jose Panganiban ay isasagawa ng *WVDFI.*

Bilang karagdagan, ang ABK 2 *Initiative* ay isinasagawa sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa *Department of Education (DepEd)*, mga pamahalaang lokal (barangay, munisipyo at pamahalaang panlalawigan), *Department of Labor and Employment (DOLE),* mga simbahan at kaukulang samahan sa pamayanan, *media groups* at iba pang posibleng makatulong sa pagsusulong ng mga karapatan ng mga kabataan.

Narito naman ang apat (4) na *desired outputs* at ang *status of implementation ng ABK Initiative*:

**Output 1:** Napataas na ang antas ng kamalayan at pagtingin ng *target communities* sa kahalagahan ng edukasyon at pagkakaiba ng katanggap-tanggap na uri ng gawaing pambata at *exploitative child labor.*

**Status of Accomplishment:**

Nasa proseso ng pangangalap ng mga angkop na batas, polisiya at dokumentong kailangan para sa pagbuo ng *information education campaign (IEC) materials.*

Nagsagawa ng initial orientations sa *barangay, municipal* at *provincial levels.*

Nasa proseso ng pagtukoy sa mga posibleng maging *local advocates* at maging miyembro ng Tinig Bulilit.

Nakipagtulungan sa mga *local partners* at *media outlets* sa pagsasagawa ng mga kaukulang aktibidad

**Output 1:** Improved access to quality at mga kaugnay na programang pang-edukasyon

**Status of Accomplishment:**

Nagsagawa ng mga aktibidad sa pakikipag-ugnayan sa mga *school administrators*

Nagbigay ng tulong pang-edukasyon sa mahigit na 600 *cohort 1 recipients (October 2008)*

Nasa proseso ng pagtukoy sa mga guro at *para-teachers* na bibigyan ng *child labor education initiatives*

Patuloy na pagsasagawa ng *coordination activities with alternative learning system (ALS)*

**Output 3:** Napatatag ang ugnayan sa mga *target partners* at mga institusyon para sa epektibong implementasyon at *responsive policies* para mabawasan ang *worst forms of child labor* (*WFCL)* at isulong ang inisyatibong pang-edukasyon para sa mga kabataang manggagawa.

**Status of Accomplishment:**

Nagsagawa ng pagtatala at akreditasyon *(registration and accreditation)* ng mga asosasyon ng mga magulang sa mga nasasakupang lugar *(existing areas)*

(4 na ang nairehistro sa DOLE)

(2 sa 4 ay akreditado *(accredited)* na sa *DOLE* o sa pamahalaang lokal

**Output 4:** Napatatag na ang kakayahang pang-ekonomiko ng mga pamilyang target ng programa *(target families).*

**Status of Accomplishment:**

Nakipag-ugnayan at nagsagawa ng *referral activities* ng mga organisadong asosasyon sa katuwang na ahensya.

Sinubaybayan at nagbigay ng tulong-teknikal sa *Camarines Norte Alay-Lakad Foundation, Inc. (CNALFI)* sa proyektong pangkabuhayan nito para sa pamilya ng mga batang manggagawa

# National...

(Mula sa pahina 1)

sa *Family Day* na isinagawa kung saan nakipagdiwang din sa kanila ang mga *jail* at *security guards* gayundin ang mga bisita.

Nakalikom naman ng kitang P3,465.00 mula sa mga produktong gawa ng mga detenido na ibinenta kamakailan sa *Central Plaza Mall Atrium* na bahagi pa rin ng naturang 1-buwang selebrasyon.

Isinulong ni *Provincial Warden* Dominguez ang naturang mga gawain sa layuning kahit sa maikling panahon ay maging masaya sila sa piling ng kanilang kapamilya at mga kaibigan at maramdaman nila na tanggap din sila ng lipunan.

Ipinaaabot din ni *Provincial Warden* Dominguez ang lubos na pasasalamat sa *Prison Ministry* na pinamumunuan ni Rev. Fr. Eyule na nagbibigay ng gabay pang-ispiritwal sa mga detenido. Pinasasalamatan din niya ang ilang paaralan, indibidwal, mga panlalawigang tanggapan at pambansang ahensya, at; mga samahang sosyo-sibiko at panrelihiyon na patuloy na tumutulong sa pagpapatupad ng kanyang mga proyekto para sa kabutihan at kapakanan ng mga detenido sa *CNPJ*.

Dahil sa mga positibong reaksyong natanggap ng *PCSSD* sa mga gawain sa naturang pagdiriwang, isusulong nito ang pangmatagalang programang tinatawag na *Prison Deterrence Education Program (PDEDP)*. Isang programang idinisenyo para maiiwas ang mga inidibidwal na gumawa ng mga maling desisyon na maaaring magdala sa kanila sa kulungan. Ito ay isasagawa sa pamamagitan ng *Life Decision Program* sa *CNPJ* na may dalawang bahagi: partisipasyon ng mga pamahalaang lokal hanggang sa barangay, at; mga *non-government organizations (NGOs)* at *judicial authorities*.

Ang naturang programang pang-edukasyon ay idinisenyo para sa mga kabataang may edad 17 taon at pataas na nakulong na. Ipatutupad ito sa pakikipagtulungan sa mga paaralan na magsasagawa ng serye ng symposium sa mga hayskul at kolehiyo sa lalawigan. Gagawing tagapagsalita rito ang mga kabataang nakulong na para maibahagi nila ang kanilang karanasan at makapagbigay ng payo sa mga mag-aaral ukol sa mga negatibong epekto ng mga maling desisyon na ginawa nila katulad ng paggamit ng droga, paginom ng alak, paggawa ng krimen, at pagsali sa mga *gangs* at/o *fraternities* para magkaroon umano ng proteksyon na hindi naman nangyayari. ***LT IBASCO***

# 1st Governor...

(Mula sa pahina 1)

nagkaroon ng biglang pagsama ng panahon, kung kaya't ang kompetisyon ayon sa pagkakasunud-sunod nito ay hindi naituloy, tulad ng: *Balloon Busting, Limbo, Climb and Glide, Most Number of Loops, Most Number of Rolls, Pylon Race, Leman's Start* at *Comba*t. Naging sagabal ang biglang paglakas ng hangin at ulan dahil sa masamang panahon ng araw na iyon. Pagsapit ng alas-otso ng gabi ay ginanap ang *welcome party* para sa mga partisipantes.

Kinabukasan ay nagpakita naman ng pag-igi ang panahon kung kaya't nagkaroon ng pagpapakita ng *3D* at *Aerobatic* exhibitions na bukas para sa lahat ng partisipantes. Subali't muli, ay hindi nakipagtulungan ang panahon at dahilan sa walang pag-asang gumaling pa ito, kung kaya't napagpasyahan na tapusin na rin agad ang nasabing gawain

Ikinalungkot ng mga *enthusiasts* at mangilan-ngilang nagpatira upang magsipanood ang desisyon na itigil ito subali't naasahan na lamang na isasagawa itong muli sa ibang panahon.

Ang mga naging sponsors sa naturang *event* ay ang mga sumusunod; *Asia Brewery, Megastar Hotel, Metro Cell City Telecom* at *UL'S Hobby Center* kung saan, ipinaabot sa kanila ng mga tagapamahala sa nabanggit na event ang taus-pusong pagpapasalamat sa mga ito. *AngelSDG*

# PAFC...

(Mula sa pahina 10)

*manufacturers* ng mga de-lata ay kailangang ilagay sa *label* nito ang *product description* tulad ng mga sangkap na ginamit; paano ang proseso sa pagdedelata; kailan isinagawa ito at ang *expiration date* nito. Ayon pa rin kay Gng. Alegre dapat pumasa sa iba't-ibang pagsusuri ang mga produktong tulad ng *hotdog*, *corned beef* at *luncheon meat* at dapat na ito ay walang *E. coli* at *Salmonella*. Sa mga *cured/salted meat* tulad ng *ham* at *bacon*, ito ay dapat sinuri at dapat walang presensya ng *S. aureaus* at *E. coli*.

Bukod sa *forum*, nagsagawa na rin ang PAFC ng mga ibang tulad nito kabilang na ang pagtatatag ng *market linkages* para sa mga magpipinya, nagpoproseso ng gatas at kapareho nito, magtatanim ng gulay, gumagawa ng lambanog, magtatanim ng mais, at nagpoproseso ng isda.

Ang gawaing ito ng PAFC ay inihandog sa mga magsasaka at mangingisda upang matulungan silang maiparating ang kanilang mga katanungan sa mga kinauukulang ahensya at mabigyan ng magandang halaga ang kanilang mga produkto. ***Melinda Jerez***

# Advocacy training...

(Mula sa pahina 10)

Kaugnay nito, ang *Advocacy Training for Youth on Anti-Trafficking of Women and Children for Labor and Sexual Exploitation sa Bicol Region* ay isinagawa noong Nobyembre 12-13 sa *Pepperland Hotel* sa Legazpi City.

Dinaluhan ito ng mga Sangguniang Kabataan (SK), *out-of-school youth (OSYs) organizations* at lider ng mga *students' organizations* mula sa iba't-ibang lalawigan ng Rehiyong Bikol kabilang dito si SK Federation Pres. Mark Julius Litana ng Cam.arines Norte.

Sa pagtatapos ng 2-araw na aktibidad, ipinahayag ng mga dumalo ang kanilang *commitment* na maging bahagi sa adbokasiya para sa mga kabataan at kababaihang biktima ng *human trafficking* at isagawa ang malawakang pakikibaka laban dito.

Samantala, ang unang araw ng pagsasanay na itinaguyod ng *Commission on Filipinos Overseas (CFO)* at *Department of Social Welfare and Development (DSWD) Field Office V* ay tinampukan ng *workshop* ukol sa kasalukuyang kalagayan ng mga kabataan na isiniwalat ni *Social Welfare Officer (SWO) II* Maria Frances Bonto ng *DSWD FOV*. Tinalakay rin dito ang mga sumusunod: *Gender Sensitivity, Issues and Roles -SWO IV* Maria Corazon Asido-Pitero, *DSWD FOV; Overview of the United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC)-Local Government Officer* Connifer Codia, *Department of the Interior and Local Government Regional Office V (DILG ROV); Constitutional Provisions and Other Laws Relevant to Children and Youth* at *Republic Act No. 9208 (Anti-Trafficking in Persons Act of 2003)*-Prosecutor Visia S. Maldo, *Department of Justice (DOJ) ROV; Guide, Techniques and Strategies to Interviewing Trafficking Victims and Witnesses-SWO II (MOA) Cristina Samson*, at; *Programs and Services on Anti-Human Trafficking – Emigrant Services Officer II* Janet B. Ramos, *CFO* at Ms. Samson. Nagkaroon din ng *film viewing* at *cultural activities* sa dakong gabi.

Isinagawa sa ikalawang araw ang *workshop* ukol sa *Information Gathering, Standard Reporting Format and Philippine Information System on Trafficking (PHILIST)* matapos itong talakayin ni Atty. Golda Myra R. Roma, *CFO acting deputy executive director*. Ang *Basic Concept on Advocacy Work in Relation to Anti-Trafficking* ay inilahad naman ni Purita P. Briñas, *Community Affairs Officer IV- Social Science Welfare and Devt. Services Division-Office of the Governor* at *lead convener for Luzon, Philippines Against Child Trafficking (PACT)*. Pinangasiwaan naman ni Atty. Roma ang *planning workshop on youth activities in relation to anti-trafficking*. LT IBASCO

# Mga 'first time' na pangyayari...

(Mula sa pahina 3)

long, na nagsilbing aral sa kanila upang hindi mahikayat sa paggawa ng krimen at makapasok dito.

Sa ngayon, mapapansing ang mga *PCCSD personnel* samantalang nasa wastong kasuotan o uniporme ay nakikiisa tuwing may *flag raising* at *flag retreat* na nagbabadya ng wastong disiplinang ipinatutupad sa kanila bilang mga tagapagbantay sa mga ari-arian ng pamahalaang panlalawigan, at hindi lamang para sa mga bilanggo.

Matatandaang sa isang buwang paggunita sa *National Correction Consciousness Month* nitong Oktubre, isinulong ni Provincial Warden Dominguez ang maraming aktibidades para sa mga bilanggo, kung saan siya ay nagbigay ng mahabang *visitation period* upang kahit sa ganun kaikling panahon ay maging masaya ang mga detenido sa piling ng kanilang kapamilya at mga kaibigan. Nagpalaro rin siya, nagpa-*seminar*, at maraming iba pa.

Isinusulong ang naturang mga gawain ni *Provincial Warden* Dominguez sa tulong ng gobernador, *Sangguniang Panlalawigan*, mga kinauukulang ahensya ng pamahalaan, at mismo ng masisipag na *staff* ng Camarines Norte Provincial Jail, sa layuning maramdaman ng mga detenido na sila ay may pag-asa pa at tanggap ng lipunan, subali't kailangan lamang na magsisi sa kanilang mga nagawang kasalanan at maituwid ang kanilang buhay upang magkaroon pa ng pagkakataong makapamuhay ng maayos.

Kaugnay nito, ipinaabot din ni *Provincial Warden Dominguez* ang lubos na pasasalamat sa *Prison Ministry* na pinamumunuan ni *Rev. Fr. Norberto A. Eyule* na nagbibigay ng gabay pang-ispiritwal sa mga detenido. Pinasalamatan din niya ang ilang paaralan, indibidwal, mga panlalawigang tanggapan at pambansang ahensiya, at mga samahang panrelihiyon at sosyo-sibiko na patuloy na tumutulong sa pagpapatupad ng kanyang mga proyekto para sa kabutihan at kapakanan ng mga detenido sa CNPJ. / ***Matilde M.***



Atty. Golda Myra Roma
Acting Deputy Executive Director
Commission on Filipino Overseas

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE, NOBYEMBRE 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

Dahil sa patuloy na pagtaas ng bilang ng mga kababaihan at kabataan sa bansa na nagiging biktima ng trapiking para magtrabaho sa mga mapanganib at imoral na uri ng paggawa at sekswal na eksploytasyon, mas pinaigting at pinalawak ngayon ng pamahalaang pambansa at mga kaukulang ahensya nito gayundin ng mga *non-government organizations (NGOs)* ang kanilang kampanya kontra sa trapiking.

*(Sundan sa pahina 9)*

Maligayang pagdiriwang!




Hon Pol Gache
Mun. Mayor

Paruyan Festival -Talisay

# Advocacy Training for Youth on Anti-Trafficking of Women and Children for Labor and Sexual Exploitation sa Bicol Region idinaos



*Ang Signing of Memorandum of Understanding on Illegal Recruitment Free LGUs na ginanap sa Villa Mila Resort dito sa Daet kung saan pinangunahan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang pagpirma sa naturang MOU at ilang punongbayan tulad nina Pol Gache ng Talisay, Romeo Moreno ng Paracale at William Lim ng J. Panganiban, na naglalayong sugpuin ang illegal recruitment dito sa Camarines Norte. Ito ay itinataguyod ng Philippine Overseas Employment Administration (POEA) sa pangunguna ng kanilang Operations and Surveillance Division (OSD). Kasama rito ang kani-kanilang mga PESO Managers at si Atty John Rio A. Bautista , ang hepe ng POEA-OSD.*

# PAFC nagsasagawa ng forum sa sektor na nagpoproseso ng karne

Isang *forum* ang inihandog ng *Provincial Agricultural and Fishery Council (PAFC)* sa mga nagpoproseso ng karne noong Nobyembre 21, 2008 na ginanap sa *Audio Visual Production Center (AVPC)* ng kapitolyo. Ang mga tagapagsalita ay mula sa *ProVet office* na si Gng. Angelita Caudilla at Gng. Maria Dolores Alegre ng *Bureau of Food and Drugs* (BFAD) na nakabase dito sa Camarines Norte. Tinalakay sa *forum* ang mga paraan ng pagiimbak ng karne tulad ng pagtutuyo sa init ng araw, pagtitinapa, pagaasin, pagdede-lata, *curing process, refrigeration* at *freezing*. Binanggit din ni Gng. Caudilla ang kahalagahan ng mga *preservatives* tulad ng asukal na nakapagpababa ng *pH, nitrates, nitrites* at *curing salt* na nakatutulong sa magandang kulay ng produkto at lasa nito at ang asin na nakatutulong na magkaroon ng lasa at maiwasan ang pagkabulok ng produkto sanhi ng bakterya. Binigyangdiin ni Gng. Caudilla na mahalaga rin ang edad ng hayop, kasarian, lahi, pag-aalagang ibinibigay sa hayop at *veterinary procedure* upang magkaroon ng de-kalidad na karne.

Samantala, ibinahagi naman ni Gng. Alegre na ang kanilang ahensya ang siyang nagsasagawa ng pagsubaybay sa mga *procedures* ng pagkain at gamot na ang mga ito ay ligtas para sa publiko. Ipinaliwanag din ni Gng. Alegre na ang mga

*(Sunda sa pahina 9)*